# 9 Araling Panlipunan

## Unang Markahan



PIVOT 4A LEARNER'S MATERIAL

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng worksheets/activity sheets na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI).

CLMD CALABARZON

# Araling Panlipunan

## Ikasiyam Baitang

**Regional Office Management and Development Team: Job S. Zape, Jr.**, Leonardo C. Cargullo, Romyr L. Lazo, Fe M. Ong-Ongowan. Lhovie A. Cauilan

**Schools Division Office Development Team:** Gemma G. Cortez, Marissa O. Aguirre, Asher H. Pasco, Ma. Teresa A. Delos Reyes, Marlene E. Diaz, Reylyn May M. Codera, Hiyasmin C. Capello, Jael Faith C. Ledesma

**Araling Panlipunan Ikapitong Baitang**
**PIVOT IV-A Learner's Material**
**Unang Markahan**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Pangalawang Patnugot: Ruth L. Fuentes

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT Learners Material

## Para sa Tagapagpadaloy

Ang Modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutunan ang mga aralin sa asignaturang Agham Panlipunan. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa pagbibigay sa ating mga mag-aaral ng tamang paraan ng paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pag-unawa sa pagpapakita ng kakayahan ng may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

## Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi na dapat mong maunawaan. Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Mga Bahagi ng PIVOT Modyul

| | Bahagi ng LM | Nilalaman |
|---|---|---|
| Panimula | Alamin<br>Suriin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na outcome ng pagkatuto para sa araw o lingo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaal-aman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan pa-ra sa aralin. |
| Pagpapaunlad | Subukin<br>Tuklasin<br>Pagyamanin | Ang bahaging ito ay naghahanap ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| Pakikipagpalihan | Isagawa<br>Linangin<br>Iangkop | Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kailangang Knowledge Skills and Attitude (KSA). Pinahihintulutan ng guro ang mga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/ gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| Paglalapat | Isaisip<br>Tayahin | Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaalaman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o paggamit nang epektibong nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang mga bago at lumang natutuhan. |

WEEKS 1-3

# Kahulugan at Kahalagahan ng Ekonomiks

I

Aralin

Mula sa pagmulat ng iyong mata sa umaga hanggang sa muling pagpikit ng mga ito sa iyong pamamahinga sa gabi, ikaw ay nahaharap sa napakaraming pangangailangan at kagustuhan. Kadalasan, dahil sa karamihan ng pagpipilian upang matugunan ang tila walang katapusang pangangailangan na iyong hinaharap sa araw-araw, paulit-ulit ang mga paggawa ng iyong desisyon.

Ngunit pumasok ba sa iyong isipan kung saan nagmula at paano nakarating ang mga produkto at serbisyo na iyong pinagpipilian at ginagamit sa mga pamilihan? Napag-isipan mo ba ang konsepto ng ekonomiks sa iyong mga pangangailangan at kung paano mo ito tinutugunan sa araw-araw? Ang mga ganitong pagtugon sa mga pangangailangan ay isang batayang katotohanan na maiuugnay sa Ekonomiks.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahan na mailalapat mo ang kahulugan ng ekonomiks batay sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay bilang isang mag-aaral, kasapi ng pamilya at lipunan. Inaasahan din na iyong matataya ang kahalagahan ng ekonomiks sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat pamilya at ng lipunan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Paggawa ng Desisyon**

Sa pagbubukas ng panuruang taon 2020-2021 at sa panahon na may pandemya ang bansa dulot ng Corona Virus (CoViD) 19, alin sa sumusunod ang pi nili mo at ng iyong pamilya upang bilihin o ihanda para magamit mo sa iyong pag-aaral. Lagyan ng tsek (/) ang lahat ng inyong binili o inihanda. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

________ laptop

________ Android Mobile Phone

________ Tablet

________ Internet Connectivity

________ gumamit ng Printed modules na bigay ng paaralan

**Mga Pamprosesong Tanong:**

1. ano ang mga naging batayan mo at ng iyong pamilya sa pagpili ng iyong gagamitin ngayong pasukan?

2. Ano ang mga bagay na inyong inisip at isinaalang-alang bago ang paggawa ng desisyon?

3. Maiisa-isa mo ba ang mga pinili mo mula sa listahan na nasa itaas?

Sa higit na ikauunawa ng talakayan, halina at unawain mo ang kahulugan at kahalagahan ng ekonomiks bilang isang agham gayundin ang pag-uugnay nito sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay bilang isang mag-aaral, sa iyong pamilya at sa buong lipunan na iyong kinabibilangan. Maiisa-isa mo ba ang mga pinili mo mula sa listahan na nasa itaas?

# D

**Mula sa gawain 1,** inaasahan na mayroon ka ng napili o mga napili ayon sa iyong pangangailangan at sa kakayahan ng iyong pamilya sa aspetong pinansyal. Karaniwan na maraming bagay ang isinasaalang-alang at isinasakripisyo upang matamo at matugunan ang iyong mga pangangailangan. Sa pagpili halimbawa ng laptop, inaasahan na malaking kabawasan sa budget ng iyong pamilya ang dulot ng pagbili nito. Sa halip na makabili ng ilang gamit sa tahanan o pagkain, ang halaga ng budget ay nagamit para sa laptop na gagamitin mo sa paaralan.

**Bilang pag-uugnay, paano mo mailalapat ang kahulugan ng ekonomiks sa sitwasyon na ipinakita sa Gawain?**

Ayon kay Villoria (2000), ang *ekonomiks* ay isang sangay ng Agham Panlipunan na nag-aaral kung paano matutugunan ang tila walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng tao gamit ang limitadong pinagkukunang-yaman.

Ang konseptong ito ay nagmula sa salitang Griyego na ***oikonomia***, kung saan ang ***oikos*** ay nangangahulugang ***bahay***, at ***nomos*** ay tumutukoy naman sa ***pamamahala***. Samakatuwid, ang kahulugan ng *oikonomia* na pinagmulan ng salitang *ekonomiks* ay ***pamamahala ng sambahayan (household)***.

Napakarami ng pagkakahalintulad ng sambahayan sa ekonomiya ayon kay Mankiw (1997) na makikita sa ibaba (Balitao et.al., 2015).

| **Sambahayan** | **Pamayanan** |
|---|---|
| Gumagawa rin ng mga desisyon | Gumaganap din ng iba't ibang desisyon |
| Nagpaplano kung paano mahahati-hati ang mga gawain at nagpapasya kung paano hahatiin ang limitadong *resources* sa maraming pangangailangan at kagustuhan. | Ang pamayanan ay kailangang gumawa ng desisyon kung **ano-anong** produkto at serbisyo ang gagawin, **paano** gagawin, **para kanino**, at **gaano** karami ang gagawin. |
| Ang pagpapasya ng sambahayan ay maaaring nakatuon sa kung **magkano ang ilalaan sa pangangailangan sa pagkain, tubig, tirahan, at ibang mga bagay** na nakapagbibigay ng kasiyahan sa pamilya. | |

Lumalabas ang mga batayang katanungang nabanggit dahilan sa suliranin sa kakapusan. May kakapusan dahil may limitasyon ang mga pinagkukunang-yaman at walang katapusan ang pangangailangan at kagustuhan ng tao. Dahil sa kakapusan, kailangan ng mekanismo ng pamamahagi ng limitadong pinagkukunang-yaman.

Ang kakapusan na pinagtutuunan ng pag-aaral ng ekonomiks ay pang-araw-araw na suliraning kinakaharap hindi lamang ng pamayanan at sambahayan, kundi ng bawat indibidwal pati ang mga mag-aaral na katulad mo.

Muli mong balikan ang Gawain 1. Naalala mo pa ba na ikaw ay tinanong kung alin sa mga nakalista ang iyong pinili o mga pinili? Nahirapan ka ba sa naging pagpili? Alam mo ba na ang proseso na iyong dinaanan ay tumutukoy sa mga Mahahalagang Konsepto sa Ekonomiks?

Alam mo rin ba na bahagi na ng buhay ng tao ang pagkakaroon ng ***choices***?

Sa pagproseso ng pagpili hindi maiiwasan ang *trade-off*. Ang ***trade-off*** ay ang *pagpili o pagsasakripisyo ng isang bagay kapalit ng ibang bagay.* Mahalaga ito sapagkat sa pamamagitan nito ay maaaring masuri ang mga pagpipilian sa pagbuo ng pinakamainam na pasya.

Halimbawa, mag-aaral ka ba o maglalaro?

Sa ginagawang pagsasakripisyo ay may opportunity cost. Ang ***opportunity cost*** ay tumutukoy sa halaga ng bagay o nang best alternative na handang ipagpalit sa bawat paggawa ng desisyon (Case, Fair at Oster, 2012 na nabanggit nina Balitao et.al 2015). Ang opportunity cost ng paglalaro sa naunang halimbawa ay ang halaga ng pag-aral na ipinagpalibang gawin.

**Matalinong Pagdedesisyon**

Ang ***incentives*** ay *tumutukoy sa bagay o karanasan na nagiging pagganyak upang tangkilikin ang isang kalakal o paglilingkod.* Tulad ng pag-aalok ng mas mura at magandang serbisyo at pagbibigay ng mas maraming pakinabang sa bawat pagkonsumo ng produkto o serbisyo. Maaari ding mailarawan ang *incentives* sa kung magbibigay ng karagdagang allowance ang mga magulang kapalit ng mas mataas na marka na pagsisikapang makamit ng mag-aaral.

Ang ***marginal thinking*** ay ang pagsasaalang-alang sa karagdagang pakinabang sa pagpili ng isang kalakal o serbisyo. Ang ibig sabihin nito ay dapat suriin ng isang indibidwal ang karagdagang halaga, maging ito man ay gastos o pakinabang na makukuha mula sa gagawing desisyon. Sa gagawing desisyon sa pagitan ng pag-aaral at paglalaro, karagdagang allowance at mataas na grade, ay masasabing maaaring maging matalino sa paggawa ng desisyon ang isang tao.

Ang mga kaalaman sa konsepto ng trade-off, opportunity cost, incentives, at marginal thinking ay makatutulong sa matalinong pagdedesisyon upang maging rasyonal ang bawat isa sa pagbuo ng desisyon. Tingnan ang pigura sa ibaba.

Naisip mo ba kung bakit kailangang maunawaan at maisabuhay ang konsepto ng Ekonomiks? Maaaring hindi mo pa naiisip pero sa madalas na paggawa mo ng mga desisyon, naisasagawa mo na ang kahulugan ng konsepto ng Ekonomiks. Maaalaala mo na sa nakalipas na mga panahon, hindi lamang isa o dalawang beses kang nagtimbang, nagtanong bago gumawa ng desisyon. Maaaring sa mga unang pagkakataon ay nagkamali ka ngunit mula sa mga pagkakamaling ito, higit kang naging matalino at kritikal sa pagbuo at paggawa ng desisyon.

Muli, bakit mo nga ba kailangang maunawaan ang Ekonomiks? Ano ba ang kabuluhan nito sa iyo bilang isang mag-aaral, miyembro ng iyong pamilya at bahagi ng lipunan?

Ayon naman kay Balitao, et. al. (2015), mahalaga ang pag-aaral ng ekonomiks dahil sa sumusunod:

- Mahalaga ang pag-aaral ng ekonomiks sapagkat makatutulong ito sa mabuting pamamahala at pagbuo ng matalinong desisyon. Malaki ang maitutulong nito sa iyo bilang mag-aaral at kasapi ng pamilya at lipunan.

- **Bilang bahagi ng lipunan, magagamit mo ang kaalaman sa ekonomiks upang maunawaan ang mga napapanahong isyu na may kaugnayan sa mahahalagang usaping ekonomiko ng bansa**. Maaari mo ding maunawaan ang mga batas at programang ipinatutupad ng pamahalaan na may kaugnayan sa pagpapaunlad ng ekonomiya.

- Maaari mo ding **magamit ang kaalaman sa ekonomiks sa pag-unawa sa mga desisyon mula sa mga pamimilian na mayroon ang pamilyang** iyong kinabibilangan.

- Sa mga isyu tungkol sa pag-aaral, pagkita, paglilibang, paggasta at pagtugon sa pangangailangan at kagustuhan ay maaari mong magamit ang kaalaman sa alokasyon at pamamahala. **Ang iyong kaalaman ay makatutulong upang makapagbigay ka ng makatuwirang opinyon tungkol sa mahahalagang pagdedesisyon ng iyong pamilya.**

- **Bilang isang mag-aaral** ay maaaring maging higit na matalino, mapanuri, at mapagtanong sa mga nangyayari sa iyong kapaligiran. Maaari din itong humubog sa iyong pag-unawa, ugali, at gawi sa pamaraang makatutulong sa iyong pagdedesisyon para sa kinabukasan at

Ayon naman kay Francisco (2015), mahalaga ang pag-aaral ng ekonomiks dahil sa sumusunod ng mga dahilan:

- Hinahasa nito ang mapanuring pag-iisip tungkol sa takbo ng ekonomiya at kung paano makakatulong ang lahat sa pag-unlad ng Pilipinas

- Magiging gabay ito sa kanilang pagbuo ng matalinong desisyon tungkol sa pagkonsumo at paggamit ng kanilang yaman at maging sa pagpili ng produkto at serbisyo

- Ang kaalaman sa pagtutuos ng buwis ay makakatulong upang maunawaan at masuri ang kanilang kontribusyon sa taunang kita ng pamahalaan.

- Ang kaalaman tungkol sa kakapusan at kakulangan sa mga pangangailangan ay magtuturo sa mga indibidwal na magtipid at magbigay ng pagpapahalaga sa mga pinagkukunang yaman.
- Ang pag-aaral ng ekonomiks ay makakatulong sa pagdesisyon nga bawat kasapi ng pamilya sa pagbadyet ng kanilang pinagkukunang yaman.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2 :** Pag-aralan ang larawan sa ibaba at sagutin ang tanong. Gawin ito sa inyong sagutang papel.




**Pinagkunan:** IBON Facts and Figures

**Ang Papel ng Ekonomiks sa buhay ng tao**

Ang pag-aaral ng ekonomiks ay nagbibigay ng kapangyarihan sa tao na makabuo ng tamang pananaw tungkol sa nagaganap sa kanyang paligid sa araw-araw. Mahalaga ang pag-unawa at pagsusuri ng sitwasyon kung saan ang tao ay makapipili kung paano, kailan at para kanino gagawin ang mga produkto.

Ayon kay Nolasco (2004), maraming tao ang hindi nakauunawa sa ekonomiks. Nangangahulugan ito na maraming mamamayan ang hindi nakakaunawa sa mga pangyayari at pagbabago sa pambansang ekonomiya. Kaya naman madali silang gumawa ng paghuhusga at pahayag sa mga isyung hindi naman nila nauunawaan.

1. Naging matalino ba ang babae sa pagbili ng napakaraming arinola? Bakit?

2. Sa iyong napag-aralan tungkol sa kahulugan ng Ekonomiks, anong kaisipan ang hindi isinaalang-alang ng babae? Patunayan.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin ang kuwento sa ibaba at sagutin ang kaugnay na mga tanong tungkol dito. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

Isang araw ng Sabado, umalis ang iyong mga magulang at naiwan kayo ng iyong bunsong kapatid sa bahay. Nang maging mahimbing ang pagtulog ng iyong kapatid, ikaw ay nagsaing at nagsimulang maglaba pagkasalang ng bigas. Matapos ang mga gawain ay naisipan mong maligo. Katatapos mo lang maligo nang biglang mangyari ng sabay-sabay ang sumusunod:

Biglang umulan ng malakas at nakasampay sa likod-bahay ang mga damit na iyong nilabhan. Naamoy mo na nasusunog ang sinaing. Narinig mo na nag-ring ang iyong celphone. At umiyak ang iyong inaalagaang sanggol na kapatid.

**Ano ang iyong uunahin? Lagyan ng bilang 1 ang una hanggang 4 ang pinakahuli.**

**Pamprosesong Tanong:**

1. Maaari mo bang gawin ang sumusunod nang sabay-sabay?
2. Ano ang iyong unang gagawin? Bakit?
3. Ano ang batayan sa iyong pagpilili sa kung anong gawain ang uuna-hin?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin at unawain ang sitwasyon. Sagutan ang mga tanong pagkatapos. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

Sa ngayon, ang bilang ng mga sa CoVid 19 ay nasa halos 90,000 ngayong Hulyo 30, 2020. Kung ikaw ang bagong talagang Secretary ng Kalusugan (Health) kasama ng iyong mga Undersecretary at Assistant Secretary, ano ang mga hakbang na gagawin mo upang matukoy ang patuloy na pagdami ng mga nahahawa at nagkakaroon ng Virus?

Maaaring mag interbyu **via online** ng mga **frontliner** upang magkaroon ng ideya sa pagsasagawa ng pag-aaral at pagbuo ng inyong mga rekomendasyon.

1. Kailan at saan nagsimula ang CoVid 19?
2. Bago pa man pumasok sa bansa ang Virus, ano ang maaaring ginawa ng DOH sa tulong ng IATF sa gitna ng kawalan ng gamot, delikadong kalagayan ng medical frontliners at kakulangan ng medical kits?
3. Paano maiiwasan ang tuluyang pagbagsak ng ekonomiya dahil sa epekto ng pandemya?
4. Ano ang mga maaaring irekomenda sa pangulo sa kasalukuyang kalagayan ng bansa at sa dumaraming bilang ng mga nahawa ng Virus?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Ano ang isinaalang-alang ng inyong grupo sa pag-aaral at pagbuo ng mga rekomendasyon?
2. Gaano kahalaga ang responsibilidad ng isang pinunong katulad ng Secretary of Health sa panahon ng pandemya?
3. Paano mo pinahahalagahan ang kapakanan ng isang mag-aaral, miyembro ng pamilya at lipunan bilang isang Secretary sa gitna ng krisis sa kalusugan?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**: Bilugan ayon sa antas ng kahalagahan ang mga sumusunod na gawain kung ang mga ito ay kinakailangan ng pagpapasya/ pagdedesiyon bilang isang mag-aaral**.** Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| **Gawain** | **Lubhang Mahalaga** | Mahalaga | Hindi Gaano | Hindi Talaga |
|---|---|---|---|---|
| Pagpili ng track sa Senior High School. | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Pagbabadyet ng iyong *allowance* | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Pagbili ng pagkain at mga damit | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Pagpili ng magiging kasama sa iyong pupuntahan | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Pagsama sa kaklase kung ma-masyal | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Pagsali sa mga gawain ng paaralan. | 4 | 3 | 2 | 1 |
| **AVERAGE** | | | | |

Kompyutin ang AVERAGE ng inyong mga iskor at gamitin ang batayan/ iskala sa ibaba upang malaman ang antas ng kahalagahan ng ekonomiks para sa iyo.

| **AVERAGE** | **ANTAS NG KAHALAGAHAN** |
|---|---|
| 3.25-4.00 | Lubhang Mahalaga |
| 2.50-3.24 | Mahalaga |
| 1.75-2.49 | Hindi Gaano Mahalaga |
| 1.00-1.74 | Hindi Mahalaga |

Sandaling Isipin...

Kung babalikan mo ang Gawain 1, matitiyak mo na ang kahulugan ng kahulugan ng ekonomiks. Ang pangangailan sa mga kagamitan sa gitna ng pandemya sa simula ng panuruang taon 2020-2021 ay nagbubuka ng isang hamong dulot ng kakapusan sa pinagkukunang-yaman at walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng tao. Lingid sa iyong kaalaman, dumaan ka at ang iyong pamilya sa isang proseso ng **paggawa ng matalinong desisyon sa pamamagitan ng pagsusuri sa trade-off, opportunity cost, incentive**, at **marginalism ng mga pamimilian o choices.**

## PAGNILAYAN

Ang pag-aaral ng ekonomiks ay nakatutulong upang magkaroon ng tama at matalinong pagpapasya at pagpili ang tao.

Upang makabuo ng matalinong desisyon, kailangan niyang mabatid ang **opportunity cost** ng kanyang desisyon upang makaiwas sa suliranin ng kakapusan.

Paano nakakatulong ang kaalaman sa kosepto ng *opportunity cost* sa pag-iwas sa suliranin ng kakapusan?

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Basahin at sagutin ang bawat tanong. Piliin at isulat ang TITIK ng tamang sagot. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod na pangungusap ang tutulong upang higit na mapahalagahan ang konsepto ng ekonomiks:
   A. pagpapahalaga sa yaman ng bansa
   B. pag-aaral sa kasaysayan ng ekonomiks
   C. pagtangkilik sa sariling produkto
   D. panonood ng TV at pagbabasa ng dyaryo upang mabatid ang araw-araw na pangyayari sa lipunan

2. Piliin sa sumusunod ang nagpapahayag ng katotohanan?
   A. Ang kakapusan ay panandalian lamang.
   B. Ang ating likas na yaman ay walang limitasyon.
   C. Lahat tayo ay nahaharap sa pagpili at pagdedesisyon.
   D. Ang kakapusan ay nararanasan lamang ng mangilan-ngilang mahihirap.

3. Naihahalintulad ang Ekonomiya sa pamamahala ng sambahayan. Ikaw bilang bahagi ng isang pamilya, ay maituturing na bahagi ng namamahala ng inyong sambahayan".
   A. tama
   B. mali
   C. maaari
   D. hindi

4. Nangako ang iyong ama na bibilhan ka ng bagong mobile phone kung magkakaroon ka ng grado na 90 sa lahat ng asignatura. Ang konseptong ito sa Ekonomiks ay:
   A. trade-off
   B. opportunity cost
   C. marginal thinking
   D. incentives

5. Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na kahulugan ng Ekonomiks?
   A. Ito ay matalinong pagpapasya ng tao sa pagsagot ng mga suliraning pangkabuhayan na kinakaharap.
   B. Ito ay tumutukoy sa siyensiya ng kaasalan ng tao na nakakaimpluwensiya sa kaniyang pagdedesisyon.
   C. Ito ay pag-aaral ng tao at ng lipunan kung paano haharapin ang mga suliraning pangkabuhayan.
   D. Ito ay pag-aaral kung paano matutugunan ng tao ang kaniyang walang katapusang pangangailangan at kagustuhan sa harap ng kakapusan.

# Iba't Ibang Sistemang Pang-Ekonomiya

## I Aralin

Sa panahon ngayon, karaniwang maririnig ang mga hinaing ng nakararaming Pilipino. Marami sa kanila ang nawalan ng trabaho, nahihirapan sa pagpasok o pagpunta sa mga opisina, salat at hindi na makabili ng pagkain dahil sa kakulangan ng pambili. Ang krisis sa kalusugan dahil sa CoViD 19 ay nagkaroon na rin ng direktang epekto sa kabuhayan ng maraming Pilipino.

Bago pa man ang epidemya, isang malaking katotohanan na sa buong mundo ang kakapusan at kakulangan sa mga likas na yaman, sa mga produkto at serbisyo. Ang ganitong sitwasyon ay nagaganap dahil sa kalikasan ng bawat isa na matugunan ang pangunahing pangangailangan upang mabuhay at matamo ang karagdagang kasiyahan sa pamamagitan ng pagtugon sa mga kagustuhan. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit kailangang maunawaan ang Ekonomiks. Ang pagkakaroon ng matalinong pagdedesisyon ay isang batayang kakayahan na dapat ay taglay ng bawat isa, ng tulad mo, upang matugunan ang walang hanggang pangangailangan at kagustuhan ng tao.

Kaugnay nito, kailangang isaalang-alang ang *efficient* na pamamahala at paggamit ng mga likas na yaman, produkto at serbisyo upang masiguro na makaaabot sa nakararami at makatutugon sa mga pangangailangan at kagustuhan ang mga ito. Ang mekanismo ng pamamahagi ng mga pinagkukunang-yaman (Balitao et.al. 2015) produkto, at serbisyo ay tinatawag na alokasyon.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahan na iyong masusuri at mapahalagahan ang mekanismo ng alokasyon batay sa iba't ibang sistemang pang-ekonomiya bilang tugon sa suliranin ng kakapusan at kakulangan, maging sa walang hanggang pangangailangan at kagustuhan ng mga tao.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**: Buuin ang mga SALITA na nasa loob ng bawat kahon mula sa halo-halong letra. Gamiting gabay ang salitang ECONOMY upang magawa ang mga binubuong salita. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. T O N A T I L R I A D
2. C M A N O D M
3. A R E T K M
4. X E M D I

E C O N O M Y

**Mga Pamprosesong Tanong**

1. Paano nakatulong ang *clue* na ang bawat salita ay may kaugnayan sa salitang 'Economy'?
2. Ano ang mga ideya na pumasok sa iyong isipan matapos na matukoy ang mga salita na iyong binubuo?

Ano ang pumasok sa isip mo upang maisagawa ang gawain 1? Malaking tulong ba bilang *clue* ang salitang 'economy' na nasa gitna ng mga kahon na kinalalagyan ng mga halo halong letra?

*Excited* ka na ba kung paano ang magiging talakayan tungkol sa iba't ibang sistemang pang-ekonomiya bilang mekanismo ng alokasyon at tugon sa suliranin ng kakapusan at kakulangan sa gitna ng walang hanggang pangangailangan at kagustuhan.

**Narining mo na ba ang Kaisipan sa Pag-aaral ng Ekonomiks?**

Ang kagustuhan at pangangailangan ng tao ay *walang katapusan*. Samantalang ang mga bagay na tumutugon sa kanyang kagustuhan at pangangailangan ay *may hangganan*. Kaya kinakailangang gumawa ng *matalinong pagpapasya* upang <u>matugunan ng tao ang kanyang pangangailangan at kagustuhan</u> gamit ang kanyang limitadong pinagkukunang-yaman. Ang di-matalinong pagpapasya ng tao ay nagdudulot ng suliranin ng *kakapusan*.

**Kaugnay nito, ano nga ba ang Kakapusan? Ano ang kaibahan nito sa Kakulangan?**

Batay kina Balitao et.al (2015) maipakikita ang pagkakaiba ng kakapusan sa kakulangan sa pamamagitan ng mga nasa kahon sa ibaba.

Ang kakapusan ay umiiral dahil **limitado ang pinagkukunang-yaman at walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng tao** kagaya ng kakapusan sa supply ng nickel, chromite, natural gas, at iba pang non-renewable resources dahilan sa likas na kalagayan ng mga ito.

Ang kakapusan sa mga nabanggit na halimbawa ay itinakda ng kalikasan.

Ang kondisyong ito ay nagtakda ng limitasyon sa lahat at naging isang pangunahing suliraning pang-ekonomiya.

Ang kakulangan o shortage ay **nagaganap kung may pansamantalang pagkukulang sa supply ng isang produkto** kagaya ng kakulangan ng supply ng bigas sa pamilihan dahilan sa bagyo, peste, El Niño, at iba pang kalamidad.

Upang malunasan ang kakulangan sa bigas, ang pamahalaan ay maaaring umangkat ng bigas sa ibang bansa. Inaasahan na babalik sa normal ang supply ng bigas sa sandaling bumuti ang panahon at magkaroon ng saganang ani ng palay.

D

Inilarawan ni N. Gregory Mankiw (1997 na binanggit nina Balitao et. Al 2015) ang kakapusan bilang isang pamayanan na may lilmitadong pinagkukunang-yaman na hindi kayang matugunan ang lahat ng produkto at serbisyo na gusto at kailangan ng tao. Sa pagharap sa suliraning pang-ekonomiya, mahalagang pag-isipan ang *opportunity cost* ng gagawing desisyon. Alin sa mga pamimiliang produkto ang gustong likhain? Para kanino ang mga ito? Alin ang higit na kailangan? Paano ito lilikhain? Ano ang kabutihang maidudulot ng pagpili? Saang alternatibo higit na makikinabang? Gaano kalaki ang halaga ng pakinabang? Gaano kalaki ang halaga ng mawawalang oportunidad?

**Tandaan na ang kakapusan ang dahilan sa pag-aaral ng Ekonomiks.** Natatakdaan ang pagtugon sa walang hanggang pangangailangan at kagustuhan ng tao dahil sa katotohanan na may limitasyon ang ating likas na yaman na nakakaapekto sa dami at bilang ng produkto at serbisyo. **Ang pangangailangan ay walang hanggan dahil kailangan ang mga ito para sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao.**

Samantala, hindi sapat na may damit, tirahan, at pagkain lang ang tao. **Gusto niyang mabuhay nang marangal at maayos sa lipunan kaya siya ay naghahangad ng mas mataas sa kaniyang mga batayang pangangailangan. Tinatawag na kagustuhan ang paghahangad na ito ng tao.** Ang pagkakaroon ng bahay sa isang sikat na pamayanan, pagkakaroon ng masasarap na pagkain araw-araw, at pagsusuot ng mamahaling damit ay mga halimbawa ng kagustuhan. Hinahangad ito ng mga taosapagkat nagdudulot ito ng higit na kasiyahan.

**Kakapusan bilang Suliraning Panlipunan**

Walang katapusan ang pangangailangan at kagustuhan ng tao, samantalang ang mga pinagkukunang-yaman ay kapos o may limitasyon. Dahilan sa kalagayang ito, ang kakapusan ay maaaring magdulot ng iba't ibang suliraning panlipunan.

Marapat na maunawaan ng bawat isa na sa paglipas na panahon, maaaring maubos pa ang mga pinagkukunang-yaman kasabay ng patuloy na lumalaking populasyong umaasa rito. Magiging dahilan ito ng malawakang kahirapan at pagkakasakit ng mga mamamayan. Maaari din itong magdulot ng sigalot, pag- aaway-away, at kompetisyon. Upang mapamahalaan ang kakapusan, kailangan ang matalinong pagdedesisyon at pagtutulungan habang isinasakatuparan ang magkakaibang layunin sa ngalan ng katahimikan at kasaganaan sa buhay. Kailangan din ang matalinong pagdedesisyon kung ano, paano, para kanino, at gaano karami ang dapat na magawang mga produkto. Kailangan ang kasiguruhan na ang limitadong likas na yaman ay magagamit ng angkop sa kinakailangan ng mamamayan.

**Kaugnayan ng Alokasyon sa Kakapusan, Pangangailangan at Kagustuhan**

Ayon kay Balitao et.al. (2015), itinuturing na pangunahing suliraning pangkabuhayan ang kakapusan. Sa katunayan, pinag-aaralan ang Ekonomiks dahil may kakapusan ang karamihan sa mga pinagkukunang-yaman. Kaya ang paggawa ng matalinong pagdedesisyon ay kritikal upang mapamahalaan ng tama ang limitadong likas na yaman bilang pagtugon sa walang hanggang pangangailangan at kagustuhan ng tao.

**Ang mekanismo ng pamamahagi ng pinagkukunang-yaman, produkto, at serbisyo ay tinatawag na alokasyon**. Ang alokasyon ay isang paraan upang maayos na maipamahagi at magamit ang lahat ng pinagkukunang-yaman ng bansa. Ito rin ang paraan upang ang lipunan ay makaagapay sa suliraning dulot ng kakapusan.

Kailangang isaalang-alang ang paggamit at paglinang sa lahat ng pinagkukunang-yaman ng bansa upang makamit ng tao ang pinakamataas na antas ng kasiyahan at kapakinabangan mula rito. Nararapat itong bigyang-pansin dahil sa katotohanang may kakapusan ang mga pinagkukunang-yaman. Ang mapanagutang paggamit nito ang titiyak na may magagamit pang pinagkukunang-yaman ang susunod na henerasyon.

Upang matiyak na *efficient* at maayos ang alokasyon ng mga pinagkukunang-yaman, dapat itong sumagot sa apat na pangunahing katanungang pang-ekonomiko:

**Apat na Katanungang Pang-ekonomiya**

1. **Ano-anong mga produkto at serbisyo ang dapat likhain ?**

- Kabilang dito ang pagpili ng mga bagay na dapat likhain at kung ano-ano ang maaring gawing alternatibo para dito.
- Hindi makagagawa ang lipunan ng produktong kailangan ng tao ayon sa dami at uri na gusto ng lahat. Bahagi ito ng suliranin ng kakapusan. Ang desisyon kung anong produkto at serbisyo ang gagawin ay nakasalalay sa pangangailangan ng tao.

2. **Paano lilikhain ang mga produkto at serbisyo?**

- Kung paano isasakatuparan ang pagbuo ng produkto at serbisyo ay nakasalalay kung anong *input* ang gagamitin.
- Marami ring mga paraan na maaaring gamitin kung papaano isasakatuparan ang produksiyon. Maaaring gumamit ng teknolohiya o tradisyonal na paraan ng paggawa upang mabuo ang *output*.
- Kabilang dito kung sino-sino ang lilikha ng mga produkto at serbisyo at ang mga paraan, teknolohiya at presyo ng mga bagay na kailangan sa paglikha nito.

Bago natin ipagpatuloy ang pagtalakay, panoorin mo muna ang video sa ***Youtube*** kung may kakayahan ka. Tungkol sa **Alokasyon** gamit ang link na https://www.youtube.com/watch?v=OImgNU3Eq48&t=137s

***3.* Para kanino ang mga lilikhaing produkto at serbisyo?**

- Kabilang dito kung sino-sino ang makikinabang sa mga malilikhang produkto at serbisyo at kung paano maisasagawa ang maayos na distribusyon nito.
- Ang makikinabang sa pagbuo ng produkto o serbisyo ang nagsisilbing motibasyon sa pagpapatuloy ng produksiyon. Ang makikinabang sa produkto o serbisyo ay kung sino ang nangangailangan at may kakayahang makamit ito.

4. **Gaano karami ang gagawing produkto at serbisyo?**

- Kailangang malaman ang laki ng pangangailangan ng ekonomiya upang makapagdesisyon kung gaano karami ang gagawing produkto at serbisyo.
- Ang potensiyal na makabuo ng produkto at serbisyo ay nakabatay sa gagamiting input.

Para mas lalo mong maintindihan ang tungkol sa Apat na Katanungang Pang-ekonomiya, kung may kakayahan ka

panuorin ang video sa ***Youtube*** gamit ang link na https://www.youtube.com/watch?v=pw93ILA-1i4

**Ano ang SISTEMANG PANG-EKONOMIYA?**

Ang sistemang pang-ekonomiya **ay tumutukoy sa isang institusyonal na kaayusan at paraan upang maisaayos ang paraan ng produksiyon, pagmamay-ari, at paglinang ng pinagkukunang-yaman at pamamahala ng gawaing pang-ekonomiko ng isang lipunan**.

Mithiin ng bawat sistemang pang-ekonomiya na makaagapay ang lipunan sa mga suliranin ng kakapusan at kung paano episyenteng magagamit ang mga pinagkukunang-yaman ng bansa.

Bawat lipunan ay may sinusunod na sistemang pang-ekonomiya upang matugunan ang mga suliraning nakapaloob sa produksiyon at alokasyon ng mga
produkto at serbisyo.

Maaalala na ***ang sistemang pang-ekonomiya ay sumasagot sa apat na pangunahing katanungang pang-ekonomiko***.

- **Una**, ano-anong produkto at serbisyo ang gagawin?
- **Pangalawa**, papaano gagawin ang naturang produkto at serbisyo?
- **Pangatlo**, para kanino gagawin ang mga produkto at serbisyo?
- **Panghuli,** gaano karami ang gagawing produkto at serbisyo?

Alokasyon sa Iba't Ibang Sistemang Pang-ekonomiya

Ang sumusunod ay ang iba't ibang sistemang pang-ekonomiya na umiiral sa daigdig:

| Uri ng Sistemang Pang-ekonomiya | |
|---|---|
| **Traditional Economy** | -unang anyo ng sistemang pang-ekonomiya<br>-**kasagutan sa pangunahing katanungang pang-ekonomiko ay nakabatay sa tradisyon, kultura, at paniniwala.**<br>-ang tanong na ano ang lilikhaing produkto ay hindi mahirap sagutin sapagkat **ang pangangailangan ng tao ay umiikot lamang sa pangunahing pangangailangan tulad ng damit, pagkain, at tirahan**.<br>-maging ang suliranin kung paano lilikha ng produkto ay simple lamang na tinutugunan dahil **ang paraan ng produksiyon ay batay sa sinaunang pamamaraan na itinuro ng matatanda sa pangkat.**<br>-Sa tradisyonal na ekonomiya, bagama't wa-lang tiyak na batas ukol sa alokasyon, may maliwanag na pagkakaunawa ang mga tao sa paraan nito. **Ang anumang produkto na ka-nilang malilikha ay ipamamahagi ayon sa kanilang pangangailangan at kung sino ang dapat gumamit**. |
| **Market Economy** | -**kasagutan sa pangunahing katanungang pang-ekonomiko ay ginagabayan ng mekanismo ng malayang pamilihan**.<br>-ang bawat kalahok – **konsyumer at prodyuser, ay kumikilos alinsunod sa kanil-ang pansariling interes na makakuha ng ma-laking pakinabang**.<br>-**nagpapahintulot sa pribadong pagmamay-ari ng kapital, pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng presyo, at pangangasiwa ng mga gawain.**<br>-**Presyo ang pangunahing nagtatakda kung gaano karami ang bibilhin ng mga mamimili** at kung gaano rin karami ang malilikhang produkto at serbisyo ng mga prodyuser.<br>-**tungkulin naman ng pamahalaan ay ang pagbibigay ng proteksiyon sa kapakanan ng mga pag-aaring pampribado**, kabilang ang mga batas na mangangalaga sa karapatan, ari-arian, at kontrata na pinapasukan ng mga pribadong indibidwal. |

| | |
|---|---|
| **Command Economy** | -**nasa ilalim ng komprehensibong kontrol at regulasyon ng pamahalaan.** Ang pagkontrol ay alinsunod sa isang planong nauukol sa pagsusulong ng ekonomiya na pinangangasiwaan mismo ng sentralisadong ahensiya (central planning agencies).<br>-**ang pagpapasya sa proseso ng mga gawaing pang-ekonomiya ay sentralisado o nasa kamay ng pamahalaan lamang.**<br>-tinutukoy rin ang mga gagamiting pinagkukunang-yaman sa paglikha ng mga kapital.<br>-madaling nalalaman ang distribusyon ng kita sa lipunan sa pamamagitan ng **pagtatakda ng pasahod para sa iba't ibang uri ng hanapbuhay**.<br>-Ang kita naman sa mga lupang sakahan ay maaaring matukoy sa pamamagitan ng pagtatakda sa halaga ng mga produktong nagmumula rito. |
| **Mixed Economy** | isang sistema na **kinapapalooban ng elemento ng market economy at command economy.**<br>-kinapapalooban ng magkaugnay na katangian ng dalawang sistema tulad ng malayang pakikilahok sa mga gawaing pangkabuhayan na pinahihintulutan ng pamahalaan at pagkontrol ng pamahalaan sa ilang gawaing pangkabuhayan.<br>-ang salitang mixed economy ay nalikha upang tukuyin ang **isang sistemang nabuo at may mga katangian na bunga ng pagsasanib** o kombinasyon ng command at market economy.<br>-hinahayaan dito ang malayang pagkilos ng pamilihan subalit **maaaring manghimasok o makialam ang pamahalaan sa mga usaping nauukol sa pangangalaga ng kalikasan, katarungang panlipunan, at pagmamay-ari ng estado.**<br>-may pribadong pagmamay-ari sa mga salik ng produksiyon, imprastraktura, at mga organisasyon. Ang sistemang mixed economy ay nagpapahintulot din na makagawa ng mga pribadong pagpapasya ang mga kompanya at indibidwal.<br>-ito ay hindi nangangahulugang ganap na awtonomiya para sa kanila sapagkat ang karamihan sa mga desisyong ito ay ginagabayan ng pamahalaan. |

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Tukuyin kung ang mga sumusunod ay nagaganap sa isang lipunang mayroong **Traditional Economy, Market Ekonomy, Command Economy o Mixed Economy.** Lagyan ng bilog ang tamang sagot. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| Sitwasyon | Sistemang Pang-Ekonomiya | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. Pinapayagan ang pribadong pagmamay-ari. | Traditional Economy | **Market Economy** | Command Economy | Mixed Economy |
| 2. Ang paggawa ng kalakal ay batay sa nakagisnan kahit mayroong modernong paraan ng paggawa nito. | **Tradition-al Econo-my** | Market Economy | Command Economy | Mixed Economy |
| 3. Ang lahat ng manggagawa ay may pare-parehong sa-hod. | Traditional Economy | Market Economy | **Command Economy** | Mixed Economy |
| 4. May aktibong pakikialam ang pamahalaan sa ekonomiya. | Traditional Economy | Market Economy | Command Economy | **Mixed Economy** |
| 5. Hindi pinapayagan ang pagtitinda ng kalakal ng walang pahintulot sa pamahalaan. | Traditional Economy | Market Economy | **Command Economy** | Mixed Economy |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Gumawa ng **synthesis** ng mga natutuhan mong impormasyon tungkol sa sistemang pang-ekonomiya gamit ang **Data Retrieval Chart**. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| Sistemang pang-ekonomiya | Paglalarawan | Mga Bansang Gumagamit |
|---|---|---|
| Traditional Economy | | |
| Market Economy | | |
| Command Economy | | |
| Mixed Economy | | |

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang naging katangi tangi sa iyo sa bawat sistemang pang-ekonomiya bilang mekanismo ng alokasyon at tumutugon sa mga pangangailangan ng tao?
2. Mailalarawan mo ba ang kalagayang pang-ekonomiya ng mga bansa sa bawat anyo na iyong isinulat sa itaas?

Ang **alokasyon** ay mekanismo ng pamamahagi ng pinagkukunang-yaman, produkto at serbisyo.

Ang **sistemang pang-ekonomiya** ay isang paraan upang maayos na maipamahagi at magamit ang lahat ng pinagkukunang-yaman ng bansa. Ito ay paraan upang ang lipunan ay makaagapay sa suliraning dulot ng kakapusan.

Mahalaga ang **alokasyon** at **sistemang pang-ekonomiya** upang makamit ng tao ang pinakamataas na antas ng kasiyahan at kapakinabangan mula sa mga pinagkukunang-yaman. Nararapat itong bigyan-pansin dahil sa kakapusan.

## PAGNILAYAN

Paano makatutulong ang kaalaman sa konsepto ng **alokasyon** sa pagbuo ng matalinong pagdedesisyon?

Bakit mahalaga na magkaroon ng **sistemang pang-ekonomiya** ang isang lipunan?

Para sa iyo, ano ang angkop na sistemang pang-ekonomiya sa Pilipinas? Bakit?

**Gawaing Pagkatuto Bilang 4:** Piliin ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa pagtatakda ng mga pinagkukunang yaman upang matugunan ang kagustuhan at pangangailangan?

   A. Distribusyon　　C. Pamumuhunan
   B. **Alokasyon**　　D. Reserbasyon

2. Sentralisado ang kapangyarihan ng pamahalaan sa bansang China. Ano ang sistemang pang-ekonomiya ng kahalintulad nito na North Korea?

   A. Traditional　　C. **Command**
   B. Mixed　　D. Market

3. May apat na pangunahing katanungang pang ekonomiko upang matiyak na episyente at maayos ang alokasyon ng pinagkukunang yaman. Anong katanungan ang batay sa pahayag na "Mamamayan sa loob o labas ng bansa".

   A. Ano-anong produkto o serbisyo ang gagawin?
   B. Paano gagawin ang naturang produkto at serbisyo?
   **C. Para kanino gagawin ang mga produkto at serbisyo?**
   D. Gaano karami ang gagawing produkto at serbisyo?

4. Narito ka sa sistemang pang-ekonomiya na ito kung tumutukoy ito sa isang sistemang nabuo at may mga katangian na bunga ng pagsasanib o kombinasyon ng command at market economy.

   A. Traditional　　C. Command
   **B. Mixed**　　D. Market

5. Sa aling sistema may lubos na kontrol ang pamahalaan sa ekonomiya ng bansa?

   A. Traditional Economy　　C. **Command Economy**
   B. Market Economy　　D. Mixed Economy

WEEKS 5-7

# I Mga Salik ng Produksyon

Hindi lahat ng bagay sa kapaligiran ay maaring makatugon kaagad sa mga pangangailangan at kagustuhan ng tao. Minsan kailangan pang idaan sa proseso upang maging higit na mapakinabangan. Sa ekonomiks, ang mga pinagkukunang-yaman ay mananatiling walang halaga kung hindi mapapakinabangan. Ang **kapakinabangan** ng isang bagay ang nagtatakda sa gamit nito sa tao.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahan na masusuri mo ang mga salik ng produksiyon at ang implikasyon nito sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**Gawaing Pagkatuto Bilang 1.** Tukuyin kung ano-ano ang mga ginamit na sangkap sa paggawa ng sumusunod  na kalakal. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| PRODUKTO (Output) | SANGKAP (Input) |
|---|---|
|  | |
|  | |

**Mga Pamprosesong Tanong:**

1. Maaari kayang mabuo ang mga produkto kung kulang ang mga sangkap nito? Paano ito makaaapekto sa kalidad ng produkto?

2. Maliban sa mga sangkap, mayroon pa bang kailangan upang mabuo ang mga nabanggit na mga produkto?

Natukoy mo ba kung paano nabubuo ang isang produkto? Ano ang pumasok sa iyong isipan batay sa gawain 1 sa modyul na ito?

Handa ka na ba sa talakayan upang makibahagi masuri ang produksiyon bilang isang mahalagang konsepto sa pag-aaral ng Ekonomiks?

Hala, puwede ka ng tumungo sa susunod na pahina!

## D

Kung iisipin mo, paano nga ba nabuo ang mga bagay na nasa paligid mo? Saan nagmula ang computer at mobile phone na gingagmit mo? Ano ang pinagmulan ng mga modyul na ibinigay sa iyo upang pag-aralan ngayong may pandemya?

**Sa iyong pananaw, ano kaya ang Produksiyon?**

Mula sa Modyul para sa mga Mag-aaral na isinulat nina Balitao et.al. (2015), tinukoy nila na **ang produksiyon ay proseso kung saan pinagsasama ang mga salik (input) upang mabuo ang isang produkto (output)**. Ito ay tumutukoy din sa **paglikha ng produkto o serbisyo na tumutugon sa mga pangangailanagn at kagustuhan ng tao.**

Ang mga salik na ginamit sa pagbuo ng produkto ay tinatawag na input. Mula sa larawan sa itaas, ang **tinapay ay nagmula sa harina, na nagmula naman sa trigo**. Ang mga sangkap na ginamit, gayundin ang lakas paggawa, lupang kinalalagyan ng pagawaan at ang may-ari nito ay tumutukoy sa mga salik ng produksiyon.

Bakit mahalaga na masuri ang mga salik ng produksiyon at ang implikasyon nito sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay?

**Lupa bilang Salik ng Produksyon**

Sa ekonomiks, ang lupa ay hindi lamang tumutukoy sa tinataniman ng mga magsasaka o pinagtatayuan ng bahay. Kasama rin dito ang lahat ng yamang likas sa ibabaw at ilalim nito pati ang yamang-tubig, yamang-mineral at yamang-gubat. **Hindi tulad ng ibang salik, ang lupa ay may naiibang katangian sapagkat ito ay fixed o takda ang bilang**. Samakatuwid, ang wastong paggamit ng lupa ay mahalaga. Malaki man o maliit ang sukat nito, kailangang tiyakin ang pagkakaroon ng produktibong paggamit.

**Lakas- Paggawa bilang Salik ng Produksyon**

Ang mga likas na yaman at mga hilaw na sangkap ay hindi magiging kapaki-pakinabang kung hindi gagamitin at gagawing produkto. Nangangahulugan ito na kailangan ang mga manggagawa sa transpormansyon ng mga hilaw na materyales sa pagbuo ng tapos na produkto o serbisyo. **Ang lakas-paggawa ay tumutukoy sa kakayahan ng tao sa produksiyon ng kalakal o serbisyo**. May **dalawang uri ang lakas-paggawa: ang mga manggagawang may kakayahang mental o silang mga tinatawag na may white-collar job.** Mas ginagamit ng manggagawang may kakayahang mental ang kanilang isip kaysa sa lakas ng katawan sa paggawa. Halimbawa ng mga ito ang mga doktor, abogado, inhinyero, at iba pa. **Ang katawagang white collar ay unang ipinakilala ni Upton Sinclair, isang Amerikanong manunulat noong 1919.**

**Ang isa pang uri ng lakas-paggawa ay ang mga manggagawang may kakayahang pisikal o silang mga tinaguriang may blue collar-job**. Mas ginagamit naman nila ang lakas ng katawan kaysa sa isip sa paggawa. Halimbawa nito ang mga karpintero, drayber, magsasaka, at iba pa. **Sahod o sweldo ang tawag sa pakinabang ng manggagawa sa ipinagkaloob na paglilingkod**. Ang mga manggagawa ay may malaking ginagampanan sa ating pang-araw-araw na pamumuhay sapagkat ang kanilang paggawa ng produkto at serbisyo ang tumutustos sa ating pangangailangan.

**Kapital bilang Salik ng Produksyon**

Ang kapital ay tumutukoy sa kalakal na nakalilikha ng iba pang produkto. Mas magiging mabilis ang paggawa kung may mga makinarya o kasangkapang gagamitin ang mga manggagawa. Ang mga kagamitang ito na gawa ng tao ay ginagamit sa paglikha ng panibagong kalakal ay isang halimbawa ng kapital. Ang kapital ay maaari ding iugnay sa salapi at imprastuktura tulad ng mga gusali, kalsada, tulay pati na ang mga sasakyan.

Ang pagsulong ng ekonomiya ng isang bansa ay hindi lamang nakadepende sa lupa at lakas-paggawa. Ayon sa artikulo ni Edward F. Denison na may pamagat na **"The Contribution of Capital to Economic Growth"** (1962), ang kapital ay isa sa mga salik sa pagtamo ng pagsulong ng isang bansa. Sa makabagong ekonomiya, nangangailangan ang mga bansa na mangalap ng malaking kapital upang makamtan ang pagsulong. Ang kabayaran sa paggamit ng kapital sa proseso ng produksyon ay tinatawag na interes.

**Entrepreneurship bilang Salik ng Produksyon**

Itinuturing na pang apat na salik ng produksyon ang entrepreneurship. **Ito ay tumutukoy sa kakayahan at kagustuhan ng isang tao na magsimula ng isang negosyo.**

**Ang entrepreneur ang tagapag-ugnay ng naunang mga salik ng produksiyon upang makabuo ng produkto at serbisyo. Siya rin ang nag-oorganisa, nagkokontrol at nakikipagsapalaran sa mga desisyon sa mga bagay na makaaapekto sa produksiyon**.

Taglay ng isang entrepreneur ang **pag-iisip na maging malikhain, puno ng inobasyon at handa sa pagbabago**. Ayon kay Joseph Schumpeter, isang ekonomista ng ika-20 siglo, napakahalaga ng inobasyon para sa isang entrepreneur, ipinaliwanag niya na ang inobasyon o patuloy na pagbabago ng entrepreneur sa kanyang produkto at serbisyo ay susi sa pagtamo ng pagsulong ng isang bansa.




Maliban sa pagiging magaling na innovator tulad ng paggamit ng makabagong pamamaraan at estilo sa paggawa ng produkto at pagkakaloob ng serbisyo, ang sumusunod ay **ilan sa mga katangian na dapat taglayin upang maging matagumpay na entrepreneur**.

1. Kakayahan sa pangangasiwa ng negosyo
2. Matalas na pakiramdam hinggil sa pagbabago sa pamilihan
3. May lakas ng loob na humarap at makipagsapalaran sa kahihinatnan ng negosyo

Ang tubo o *profit* ay tumutukoy sa kita ng isang *entrepreneur*. Ito ay kita ng *entrepreneur* matapos magtagumpay sa pakikipagsapalaran sa negosyo. Sinasabing hindi nakatitiyak ang *entrepreneur* sa kanyang tubo dahil hindi pa niya alam amg kahihinatnan ng kanyang pagnenegosyo.

Ang produksyon ang tumutugon sa ating pangangailangan. Kung wa-lang produksiyon ay wala rin tayong produkto at serbisyo na ikokonsumo. Ang mga salik na lupa, paggawa, kapital at *entrepreneurship* ay may malaking ginagampanan sa prosesong ito. Kaya ang mga salik na ito ay nag-uugn-ugnay, ito ay magdudulot ng mga produkto at serbisyo na tutugon sa ating pang-araw-araw na pangangailangan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Tukuyin kung anong Salik ng Produksyon ang ipinapakita sa bawat larawan. Isulat kung ito ay *Lupa*, Manggagawa, *Kapital* o *Entreprenyur*. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
|  1 | 2  |
|  3 | 4  |
|   5 | 6   |

## E

- Ang ***produksiyon*** ay ang paglikha ng mga kalakal gamit ang pinagsama-samang salik nito.
- Ang produksyon ay isang *irreversible* na proseso.
- Ang mataas na halaga ng produksiyon ay magbubunga ng mataas na presyo ng produkto
- Tanda ng paglago ng ekonomiya ang pagtaas ng antas ng produksiyon.

**PAGNILAYAN**

Sa iyong palagay, anong produkto ang dapat na maging prayoridad ng produksiyon ng ating ekonomiya? Ipaliwanag kung bakit.

Pinagku
http://v
www.pi
www.pi
manny-v

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Tukuyin kung anong Halaga ng Produksyon ang binabanggit sa bawat pangungusap. Bilugan ang pinaka-angkop na sagot mula sa pagpipilian.

| Sitwasyon | Halaga ng Produksyon | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. Tinanggap ni Agnes bilang manggagawa sa pabrika | Upa | **Sahod** | Interes | Tubo |
| 2. Kumita ang perang ipinasok ni Edith sa bangko. | Upa | Sahod | **Interes** | Tubo |
| 3. Tumanggap si Mang Ed ng bayad mula kay Tata Selo sa pagtatanim sa kanyang sakahan. | **Upa** | Sahod | Interes | Tubo |
| 4. Bumili ng bagong kotse si Kuya Daniel mula sa kanyang kita sa negosyo. | Upa | Sahod | Interes | **Tubo** |
| 5. Nagbayad ng *Environmental Fee* si Mang Kanor sa pamahalaan ng Bacoor bilang mangingisda. | **Upa** | Sahod | Interes | Tubo |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Piliin ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa konsepto ng "LUPA" sa salik ng produksyon?
   A. Puno B. Makina C. Mineral D. Tubig
2. Kung ang bayad sa manggagawa ay sahod, ano naman ang bayad sa lupa?
   A. Interes B. Upa C. Kita D. Tubo
3. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa kapital?
   A. Manggagawa C. Gusali
   B. Makina D. Kompyuter
4. Alin sa salik ang gumagamit sa mga gawaing pisikal at mental sa produksiyon?
   A. Lupa C. Kapital
   B. Manggagawa D. Entreprenyur
5. Ito ang bunga ng pagsasama ng salik ng produksiyon?
   A. Output C. Input
   B. Function D. Return of Investment

**Para sa Dagdag Kaalaman**

Kung may kakayahan ka maaaring magbasa ng mga dagdag na impormasyon mula sa mga libro, at sa internet tungkol sa mga kaugnay na paksa:

- Uri ng kapital ayon sa palit anyo
- Antas ng produksiyon
- Uri ng halaga ng produksiyon
- Marginal Cost computation
- Iba pa

# Mga Salik na Nakaaapekto sa Pagkonsumo at Karapatan at Tungkulin ng Mamimili

WEEK 8

I

Aralin

Natutuhan mo na walang katapusan ang iyong pangangailangan at kagustuhan sa kabila ng kakapusan at kakulangan ng likas na yaman, produkto at serbisyo. Natutugunan ang lahat ng ito ayon sa matalinong pagpili at pagdedesisyon sa kung ano ang bibilhin at gagamitin.

Bilang mamimili, kinakailangan na maging kritikal sa pagpili ng mga produkto at serbisyo. Inuunawa at inaalam mo dapat ang mga sangkap at ang kalidad ng produkto at serbisyo. Dahil din sa kakapusan, mahalaga na malaman mo ang mga wastong pamantayan sa pamimili at kung ano ang mga nakaaapekto sa pagkonsumo upang maging kapaki-pakinabang ang mga produkto at serbisyo na iyong mabibili.

Sa pagtatapos ng aralin, inaasahan na masusuri mo ang mga salik na nakaaapekto sa pagkonsumo. Inaasahan din na maipagtatanggol mo ang iyong mga karapatan at magagampanan ang tungkulin bilang isang mamimili.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**: Matapos ang pandemya, alin sa sumusunod ang una mong gagawin? Lagyan ng bilang 1 hanggang 5 kung saan ay 1 ang pinakauna at 5 ang pinakahuli. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

_____ kumain sa isang buffet restaurant

_____ magpagupit ng buhok

_____ manood ng sine

_____ magshopping

_____ magpunta sa isang bar kasama ng mga kaibigan

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iyong batayan sa pagpili ng 1 hanggang 5 mula sa listahan?
2. Ano ang iyong mga panuntunan sa tuwing ikaw ay mamimili ng mga pupuntahan o gagawin na tulad ng mga nasa listahan?

Ano ang tumatakbo sa iyong isipan habang ginagawa ang Gawain 1? Ano ang mga pamantayan na sinusunod mo sa pagsasagawa ng mga naisin mo? Paano mo nakukuha ang pinakamataas na kapakinabangan mula sa mga nais na gawin tulad ng nasa listahan sa itaas?

Naranasan mo na ba na bigla kang nagbago sa isang gagawin mo? Sa halip na magpagupit ng buhok ay nanood ka na lang ng sine? O nagawa mo na bang umalis sa isang tindahan at bigla kang umalis dahil sa hindi ka nasiyahan? Kailan nangyayari ang mga biglaang pagbabago na tulad nito?

D

**Ano ang Pagkonsumo?**

Ito ang pagbili at paggamit sa mga produkto at serbisyo upang tugunan ang pangangailangan. Kapag natutugunan ng tao ang kanyang pangangilangan siya ay nakararanas ng kasiyahan (satisfaction)

**KAHULUGAN NG PAGKONSUMO**

Sinasabing ang lahat ng tao ay konsyumer. Ang pagkonsumo ay bahagi ng buhay ng tao simula nang kaniyang pagsilang sa mundo. Simula sa gatas, gamot, bitamina, lampin, bakuna, at marami pang iba ay mga bagay na kaniyang kinokonsumo.Habang patuloy na nabubuhay ang tao ay patuloy pa rin siya sa pagkonsumo. Ang pagbili ng produkto at serbisyo ay nangangahulugan ng pagtatamo sa kapakinabangan mula rito bilang tugon sa pangangailangan at kagustuhan ng tao. Ang napakaraming pangangailangan at kagustuhan ng tao ang dahilan kung bakit may pagkonsumo. Ayon nga kay Adam Smith sa kaniyang aklat na "An Inquiry into the Nature and Causes of the Wealth of Nations," ang pangunahing layunin ng produksiyon ay ang pagkonsumo ng mga tao.

Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagkonsumo

May iba't ibang salik na nakaaapekto sa pagkonsumo ng isang tao. Ang pagkakaiba-iba ng kanilang katangian ang dahilan kung bakit nagkakaiba-iba ang paraan at dahilan ng kanilang pagkonsumo. Sa ibaba ay mababasa ang ilan sa mga salik na nakakaapekto sa pagkonsumo ng isang tao.

| | |
|---|---|
| **Pagbabago ng Presyo** | • may pagkakataon na nagiging motibasyon ang presyo ng produkto o serbisyo sa pagkonsumo ng isang tao.<br>• kalimitan, **mas mataas ang pagkonsumo kung mababa ang presyo samantalang mababa ang pagkonsumo kapag mataas ang presyo**. |
| **Kita** | • nagdidikta sa paraan ng pagkonsumo ng isang tao.<br>• ayon kay John Maynard Keynes, isang ekonomistang British, sa kaniyang aklat na "The General Theory of Employment, Interest, and Money" na inilathala noong 1936l **habang umalaki ang kita ng tao ay lumalaki rin ang kaniyang kaka-yahan na kumonsumo ng mga produkto at serbisyo.**<br>• **sa kabilang banda, ang pagbaba ng kita ay nangangahulugan ng pagbaba ng kakayahang kumonsumo.**<br>• Kaya naman, mapapansin na mas maraming pinamimili ang mga ta-ong may malalaking kita kung iha-hambing sa mga taong may mababang kita lamang. |

| | | |
|---|---|---|
| **Pagbabago ng Presyo** | • | ang mga **inaasahang mangyayari sa hinaharap ay nakaaapekto sa pagkonsumo sa kasalukuyan**. Halimbawa, kung inaasahan g mga tao na magkakaroon ng kakulangan sa supply ng produkto dahil sa kalamidad, tataas ang pagkonsumo nito sa kasalukuyang panahon bilang paghahanda sa pangangailangan sa hinaharap.<br>• **kapag may banta ng kaguluhan sa isang lugar o may inaasahang pagkakagastusan sa hinaharap. Ang mga tao ay pinipilit na huwag munang gastusin ang salapi at binabawasan ang pagkonsumo** upang mapaghandaan ang mangyayari sa mga susunod na araw o panahon.<br>• **kung positibo o maganda naman ang pananaw sa hinaharap, maaga pa sa inaasahan ay tumataas na ang pagkonsumo kahit hindi pa natatanggap ang inaasahang salapi** tulad ng pagtanggap ng bonus at iba pang insentibo. |
| **Pagkakautang** | • | **Kapag maraming utang na dapat bayaran ang isang tao, maaaring maglaan siya ng bahagi ng kaniyang salapi** upang ipambayad dito.<br>• **Ito ay magdudulot ng pagbaba sa kaniyang pagkonsumo** dahil nabawasan ang kaniyang kakayahan na makabili ng produkto o serbisyo.<br>• **Tataas naman ang kakayahan niyang kumonsumo kapag kaunti na lamang ang binabayaran niyang utang**. |
| **Demonstration Effect** | • | madaling maimpluwensiyahan ang tao ng mga anunsiyo sa radyo, telebisyon, pahayagan, at maging sa internet at iba pang social media.<br>• **ginagaya ng mga tao ang kanilang nakikita, naririnig, at napapanood sa iba't ibang uri ng media** kaya naman tumataas ang pagkonsumo dahil sa nasabing salik.<br>• ang mga taong hindi naman naiimpluwensiyahan ng nabanggit ay may mababangpagkonsumo lalo na sa mga bagay na uso at napapanahon lamang. |

Ang mga salik na nabanggit ay karaniwang nakakaapekto sa mga konsyumer sa maraming pagkakataon. Ang kanilang *behavior* ay nagbabago at nagiging mahalagang konsiderasyon bilang mamimili. Nakakaapekto ito sa dami ng bibilhin at maaaring maging dahilan upang magpalit ng produkto o serbisyo ayon sa pagbabago ng desisyon.

Ngunit, maliwanag na bilang konsyumer, isang mahalagang katangian ang maging mapanuri na nagtatanggol ng mga Karapatan at naggampanan ang mga tungkulin

**Sino ang mamimili?**

Tumutukoy sa mga taong bumibili at gumagamit ng mga produkto at serbisyo upang matugunan ang pangangailangan at magkaroon ng kasiyahan.

Tinatawag din silang konsyumer.

**May magkasalungat na interes ang nagtitinda at mamimili .**

**Mataas na presyo** VS **Mababang presyo**

- Dahil dito, mahalaga na maging matalino sa pagbili upang maiwasan ang maloko at madaya.

Para mas lalo mo pang maintindihan kung paano maging isang **matalinong mamimili.** Kung may kakayahan ka panuorin natin ang video sa **Youtube** gamit ang link na http://tiny.cc/Modyul5Video1

**Mga Katangian ng MATALINONG MAMIMILI**

Nais ng lahat na maging matalinong mamimili dahil ibig sabihin nito ay nasusulit natin ang bawat sentimong ating ginagastos para sa bawat produkto. Ang sumusunod ay ilan sa mga pamantayan sa pamimili:

**1. Mapanuri**

Sinusuri ang produktong bibilhin. Tinitingnan ang sangkap, presyo, timbang, pagkakagawa, at iba pa.

Inihahambing ang mga produkto sa isa't isa upang makapagdesisyon nang mas Mabuti at mapili ang produktibong sulit sa ibabayad.

**2. Marunong Maghanap ng Alternatibo o Pamalit na Produkto**

Ang matalinong mamimili ay marunong humanap ng pamalit na kalakal na makatutugon din sa pangangailangang tinutugunan ng produktong dating binibili.

**3. Hindi Nagpapadaya**

Ang matalinong mamimili ay laging handa, alerto, at mapagmasid sa mga maling gawain lalo na sa pagsusukli at paggamit ng timbangan.

**4. Makatwiran**

Isinasaalang-alang niya ang presyo at kalidad sa pagpili ng isang produkto. Isinasaisip din ang kasiyahan na matatamo sa pagbili at paggamit ng produkto pati na rin kung gaano katindi ang pangangailangan dito. Inuuna ang mga bagay na mahalaga kompara sa mga luho lamang.

**5. Sumusunod sa Badyet**

Tinitimbang ang mga bagay-bagay ayon sa kaniyang badyet. **Hindi nagpapadala sa popularidad ng produkto na may mataas na presyo** upang matiyak na magiging sapat ang kaniyang salapi sa kaniyang mga pangangailangan.

**6. Hindi Nagpapadala sa Anunsiyo**

Ang pag-endorso ng produkto ng mga artista ay hindi nakapagpapabago sa pagkonsumo ng isang matalinong konsyumer. **Ang kalidad ng produkto ang tinitingnan at hindi ang paraan ng pag-aanunsiyo na ginamit.**

**7. Hindi Nagpapanic-*buying***

Ang artipisyal na kakulangan na bunga ng pagtatago ng mga produkto (*hoarding*) ng mga nagtitinda upang mapataas ang presyo ay hindi ikinababahala ng isang matalinong konsyumer dahil alam niyang ang pagpa*panic-buying* ay lalo lamang magpapalala ng sitwasyon.

**Batas na Nangangalaga sa Kapakanan ng mga Mamimili**

**Ang mamimili ay may apat na kaalaman tungkol sa mga batas na nagpo protekta sa Karapatan ng mga mamimili. Ilan sa mga ito**

| |
|---|
| Consumer Act of the Philippines– nangangalaga sa mga karapatan at kaligtasan ng mamimili. |
| Revised Penal Code– pagbabawal sa panggagaya ng tatak at itsura ng isang produkto. |
| Civil Code of the Philippines– pananagutan ng prodyuser na panatilihin ang kaligtasan ng mamimili |
| Price Tag Law– dapat maglagay ng price tag sa mga bilihin. |

Nakatakda sa ***Republic Act 7394 (Consumer Act of the Philippines)*** ang kalipunan ng mga patakarang nagbibigay ng proteksiyon at nangangalaga sa interes ng mga mamimili.

Isinusulong din ng batas na ito ang kagalingang dapat makamit ng lahat ng mamimili. Itinatadhana ng batas na ito ang mga pamantayang dapat sundin sa pagsasagawa at operasyon ng mga negosyo at industriya. Ang sumusunod ang binibigyang-pansin ng batas na ito:

A. Kaligtasan at proteksiyon ng mga mamimili laban sa panganib sa kalusugan at kaligtasan.
B. Proteksiyon laban sa mapanlinlang at hindi makatarungang gawaing may kaugnayan sa operasyon ng mga negosyo at industriya.
C. Pagkakataong madinig ang reklamo at hinaing ng mga mamimili.
D. Representasyon ng kinatawan ng mga samahan ng mamimili sa pagbalangkas at pagbuo ng mga patakarang pangkabuhayan at panlipunan.

**WALONG (8) KARAPATAN NG MGA MAMIMILI**

Ang Kagawaran ng Kalakalan at Industriya (Department of Trade and Industry) ay naglabas ng walong karapatan ng mga mamimili upang maging gabay sa kanilang transaksiyon sa pamilihan.

**Karapatan sa mga pangunahing pangangailangan**

May karapatan sa sapat na pagkain, pananamit, masisilungan, pangangalagang pangkalusugan, edukasyon at kalinisan upang mabuhay.

**Karapatan sa Kaligtasan**

May karapatang bigyan ng katiyakang ligtas at mapangangalagaan ka laban sa pangangalakal ng mga panindang makasasama o mapanganib sa iyong kalusugan.

**Karapatan sa Impormasyon**

May karapatang mapangalagaan laban sa mapanlinlang, madaya at mapanligaw na patalastas, mga etiketa at iba pang hindi wasto at hindi matapat na gawain. Ito ay kailangang malaman ng mga mamimili upang maiwasan ang pagsasamantala ng iba.

**Karapatang Pumili**

May karapatang pumili ng iba't ibang produkto at paglilingkod sa halagang kaya mo. Kung ito ay monopolisado ng pribadong kompanya man, dapat na magkaroon ka ng katiyakan sa kasiya-siyang uri at halaga ng produkto nila.

**Karapatang Dinggin at Pagpapahayag**

May karapatang makatiyak na ang kapakanan ng mamimili ay lubusang isaalang-alang sa paggawa at pagpapatupad ng anumang patakaran ng pamahalaan.

**Karapatang Bayaran sa Kapinsalaan**

May karapatang bayaran at tumbasan sa ano mang kapinsalaan na nagbuhat sa produkto na binili mo. May karapatan kang mabayaran sa ano mang kasinungalingan o mababang uri ng paninda o paglilingkod na ibibigay o ipinagbibili kahit na ito ay sa pagkakamali, kapabayaan o masamang hangarin. Dapat na magkaroon ka ng walang bayad na tulong sa pagtatanggol sa hukuman o nang pag-aayos sa paghahabol.

**Karapatan sa Pagiging Matalinong Mamimili**

May karapatan sa *consumer education*, nagtatanong at nagtatanggol sa iyong karapatan. Ito ay nagtataglay ng karapatan sa katalinuhan at kaalaman na kinakailangan upang makagawa ng hakbanging makatutulong sa mga desisyong pangmamimili.

**Karapatan sa Malinis na Kapaligiran**

May karapatan sa kalayaan, pagkakapantay-pantay at sapat na mga kalagayan sa buhay na nagbibigay pahintulot sa isang marangal at maayos na pagkatao at ikaw ay may malaking pananagutan na pangalagaan at pagbutihin ang iyong kapaligiran para sa kalusugan at kinabukasan ng ating saling lahi.

Para mas lalo mong maintindihan ang iyong mga karapatan bilang mamimili, panuorin ang video sa ***Youtube*** gamit ang link na http://tiny.cc/Modyul5Video2

**CONSUMER PROTECTION AGENCIES**

Ang sumusunod ay ilan sa mga ahensiya ng pamahalaan na tumutulong upang maisulong ang kapakanan ng mga mamimili:

| Ahensya | Logo | Tungkulin |
|---|---|---|
| **Department of Trade and Industry (DTI)** <br> **Pinagkunan:** https://www.dti.gov.ph/ | | Nagpapatupad ng mga batas hinggil sa kalakalan at industriya. Pinangangalagaan nito ang mamamayan laban sa maling etiketa ng mga produkto at iba pang mapanlinlang na gawain ng mga nagtitinda. |
| **Bureau of Food and Drugs (BFAD)** <br> **Pinagkunan:** https://www.fda.gov.ph/ | | Nangangasiwa sa pagsusuri na ligtas ang mga gamot, pagkain at mga produktong kosmetiko na ibebenta sa pamilihan. |
| **Environmental Management Bureau (DENR-EMB)** <br> **Pinagkunan:** https://emb.gov.ph | | Namamahala sa pangangalaga sa kapaligiran laban sa polusyon. |
| **Energy Regulatory Commission (ERC)** <br> **Pinagkunan:** https://erc.gov.ph | | Nagbabantay sa mga kompanya ng kuryente, gasoline at iba pang katulad na produkto. |
| **Professional Regulatory Commission (PRC)** <br> **Pinagkunan:** https://prc.gov.ph | | Nangangasiwa sa mga gawain ng propesyonal tulad ng mga accountant, doctor, engineer, atbp. |
| **National Consumer Affairs Council** <br> **Pinagkunan:** https://pcepsdi.org.ph/ | | Itinatag upang paunlarin ang pamamahala, koordinasyon at kahusayan ng pagpapatupad sa mga programang may kaugnayan sa mga mamimili. |

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Tukuyin kung anong salik na nakakaapekto sa pagkonsumo ang ipinapakita sa bawat pangungusap. Isulat kung ito ay may kinalaman sa *PAGBABAGO SA PRESYO*, *KITA*, *MGA INAASAHAN*, *PAGKAKAUTANG* o *DEMONSTRATION EFFECT*.

1. Maraming mga tao ang dumagsa sa mall dahil sa *3-day sale*.
2. Dumagsa ang maraming tao sa Divisoria dalawang linggo bago mag-pasko.
3. Hindi muna bumili ng bagong damit si Maria dahil may utang siyang dapat bayaran.

4. Bumili ng maraming bigas at de lata ang pamilya ni Mang Noli nang malaman niya na magkakaroon ng *lockdown* sa Bacoor City.
5. Marami ang gumaya sa damit ni Son Ye-jin matapos mapanood ang *Crash Landing on You* sa *Netflix*.

Maliwanag at matibay ang Karapatan na itinadhana ng batas gayundin ang pagtukoy sa ilang mga ahensiya ng pamahalaan upang tulungan ang mga mamamayan na maprotektahan at maisulong ang Karapatan ng bawat mamimilit.

Kaakibat ng nasabing mga Karapatan ay mga gampanin o tungkulin na dapat isabuhay ng lahat ng mamimili. Ayon kay Balitao et.al (2015), ang nasabing tungkulin ay ang mga sumusunod:


**LIMANG PANANAGUTAN NG MGA MAMIMILI**

Ang Kagawaran ng Kalakalan at Industriya ay nagpalaganap rin ng limang pananagutan ng mga mamimili. Ang sumusunod ay ang mga pananagutang binabanggit:

1. **Mapanuring Kamalayan** - ang tungkuling maging listo at mausisa tungkol sa kung ano ang gamit, halaga, at kalidad ng mga paninda at paglilingkod na ating ginagamit.
2. **Pagkilos** - ang tungkuling maipahayag ang ating sarili at kumilos upang makatiyak sa makatarungang pakikitungo. Kung tayo'y mananatili sa pagwawalang-bahala, patuloy tayong pagsasamantalahan ng mga mandarayang mangangalakal.
3. **Pagmamalasakit na Panlipunan** - ang tungkuling alamin kung ano ang ibubunga ng ating pagkonsumo ng mga kalakal at serbisyo sa ibang mamamayan, lalong- lalo na ang pangkat ng maliliit o walang kapangyarihan, maging ito ay sa lokal, pambansa, o pandaigdig na komunidad.
4. **Kamalayan sa Kapaligiran** - ang tungkuling mabatid ang kahihinatnan ng ating kapaligiran bunga ng hindi wastong pagkonsumo. Kailangang pangalagaan natin ang ating likas na kayamanan para sa ating kinabukasan.
5. **Pagkakaisa** - ang tungkuling magtatag ng samahang mamimili upang magkaroon ng lakas at kapangyarihang maitaguyod at mapangalagaan ang ating kapakanan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Paggawa ng Synthesis.

Gumawa ng s*ynthesis* ng mga natutuhan mong impormasyon tungkol sa karapatan at tungkulin ng isang matalinong mamimili gamit ang graphic organizer sa ibaba. Gawin ito sa inyong sagutang papel.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Tukuyin kung alin sa sumusunod na ugali ng matalinong mamimili ang iyong ginagawa. Lagyan ng tsek (√) ang **angkop na kahon.** Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| **Katangian ng Matalinong Mamimili** | **Palagi** | **Minsan** | **Hindi** |
|---|---|---|---|
| Naghahanda ng talaan/listahan ng pamilihan upang makatipid sa oras at pagod. | | | |
| Sinusunod ang badyet para sa pagkain, kagamitan at iba pang pangangailangan | | | |
| Bumibili ng maramihan upang makamura. | | | |
| Mapagmasid sa mga timbangan upang hindi madaya. | | | |
| Maingat sa paghawak ng mga pinamili. | | | |

**Mga Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang naging batayan mo ng iyong mga naging sagot?
2. Kailang maaaring magbago ang iyong mga sagot? Bakit?

Ang mga mamimili ay may mga karapatan na dapat malaman at ipagtanggol.
Dapat maunawaan at sundin ng mga mamimili ang mga batas pangkonsyumer.
May mga tungkulin ang mga mamimili na dapat gampanan.
Ang pagkonsumo ay bahagi ng buhay ng tao simula nang kaniyang pagsilang sa mundo. Habang patuloy na nabubuhay ang tao ay patuloy pa rin siya sa pagkonsumo.
Ang pagbili ng produkto at serbisyo ay nangangahulugan ng pagtatamo sa kapakinabangan mula rito bilang tugon sa pangangailangan at kagustuhan ng tao.
Ang napakaraming pangangailangan at kagustuhan ng tao ang dahilan kung bakit may pagkonsumo.
Ayon nga kay *Adam Smith* ang pangunahing layunin ng produksiyon ay ang pagkonsumo ng mga tao.

**PAGNILAYAN**

Bakit mahalaga na maging isang matalinong mamimili?
Alin sa mga karapatan ng mga mamimili ang higit na dapat na bigyang pansin ng pamahalaan?
Paano nakakatulong sa paggawa ng matalinong pagpapasya ang kaalaman sa mga konsepto at salik ng pagkonsumo?

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Piliin ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang. Isulat ang titik ng sagot sa inyong sagutang papel.

1. Sa ekonomiks, ano ang tawag sa paggamit ng kalakal o serbisyo upang matugunan ang pangangailangan?

A.Distribusyon **C. Pagkonsumo**

B.Produksyon D. Alokasyon

2. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa pagkonsumo?

A.**Paggamit ng mga produkto.**

B.Paggawa ng mga produkto.

C.Pagbebenta ng mga produkto.

D.Paghahanap ng produkto

3. Kapag tumaas ang presyo ng asukal, maaaring mabawasan ang dami ng nagkakape. Bakit?

A.Sapagkat limitado ang produksyon ng kape.

B.Sapagkat walang gamit ang asukal sa kape.

**C.Sapagkat ang kape at asukal ay magkaugnay na kalakal.**

D.Sapagkat magkatunggali ang kape at asukal.

4. Kailan mo masasabing matalino ang isang mamimili?

A. Gumagamit ng credit card **C. Sumusunod sa budget**

B. Bumibili ng segunda mano D. Bumibili ng mura

5. Anong katangian ng mamimili ang ipinapahiwatig kapag inihahambing ang mga produkto sa isa't isa upang makapagdesisyon nang mas mabuti at mapili ang produktong sulit sa ibabayad?

A. **Marunong maghanap ng alternatibo** C. Makatwiran

B. Hindi nagpapadaya D. Mapanuri

## Sanggunian

**Mga Aklat:**

Balitao B.R. et. al.(2015), EKONOMIKS 10 Araling Panlipunan – Modyul para sa Mag-aaral Unang Edisyon, Department of Education

Chua J.L. (2001), Panahon, Kasaysayan at Lipunan (Ekonomiks) Ikalawang Edisyon, DIWA Publishing House

De Leon, Z.M. et. al. (2004), Ekonomiks Pagsulong at Pag-unlad, Vibal Publishing House

Mateo, G.C. et. al.(2012), Ekonomiks Mga Konsepto at Aplikasyon, Vibal Publishing House

Nolasco, L.I. et. al. (2004), Ekonomiks: Mga Konsepto, Applikasyon at Isyu, Vibal Publishing House

**Online Sources:**

Activity Sheets Secondary Quarter 1, Vibal Publishing (2020) retrieved March 20, 2020 from https://www.vibalgroup.com/learnathome/wp-content/uploads/2020/05/Activity_Sheets_Secondary_Tabbed.pdf

Eko and Miya characters used with permission from the National Economic Development Authority (NEDA) retrieved March 20, 2020 from http://2040.neda.gov.ph/eko-and-miya-series

Mikasa Kirigiri (2016), Kahulugan at Salik ng Produksyon, retrieved June 18, 2020 from https://www.youtube.com/watch?v=rhYp1B8IxOc

How It's Made (2019), How It's Made Rice, retrieved June 18, 2020 from https://www.youtube.com/watch?v=yfM75D0cikg

Teacher JayPh (2019), Produksyon sa Ekonomiks, retrieved June 18, 2020 from https://www.youtube.com/watch?v=OLx5Z5U_zT0

*Para sa Dagdag Kaalaman...*

kung may kakayahan ka maaaring magbasa ng mga dagdag na impormasyon mula sa mga libro, at internet tungkol sa mga kaugnay na paksa:

- Paraan at uri ng pagkonsumo
- Kasiyahan na nakukuha sa pagkonsumo o utils
- *Law of Diminishing Marginal Utility*
- *Batas n Pagkonsumo*
- *At iba pa*

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Cainta Rizal

DEPARTMENT OF EDUCATION

KAGAWARAN NG EDUKASYON REHIYON IV- CALABARZON